**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Pagpapabuti ng Kakayahan sa Pagsulat at Talakayan ng mga Mag-Aaral sa Pamamagitan ng PRO-SULAT (Pagpapabuti ng Retrato ng Organisadong Sulat Tungo sa Asenso sa Talakayan) Program

Nancy G. Aguila
Cuenca Central School – Cuenca, Batangas
nancy.aguila001@deped.gov.ph

Petsa ng Pagsumite:
**Hulyo 20, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Agosto 01, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Agosto 20, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.22030140**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang bisa ng *Project PRO-SULAT* bilang interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsusulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa Grade 6 ng Cuenca Central School, Taong Panuruan 2025–2026. Gumamit ang mananaliksik ng *pre-test–post-test design* na may 95 kalahok mula sa tatlong seksyon (6–Gumamela, 6–Daisy, at 6–Sunflower). Isinagawa ang anim na linggong implementasyon ng PRO-SULAT na nakatuon sa pre-writing, drafting, peer feedback, at revision. Ipinakita ng resulta na ang mean score ng mga mag-aaral ay tumaas mula 2.48 tungo sa 4.15, na nagpapakita ng malaking pag-unlad sa organisasyon ng ideya, lohika, at malikhaing pagpapahayag. Lumitaw din sa panayam na tumaas ang kumpiyansa ng mga mag-aaral at ang halaga ng kolaborasyon sa pagsusulat. Binigyang-diin nina Asio at Jimenez (2020) na ang mga gawaing remedyal na nakasentro sa pagsusulat ay nakatutulong hindi lamang sa pagtaas ng marka kundi sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagkakaugnay-ugnay ng mga konsepto. Iminumungkahi na ipagpatuloy at palawakin ang paggamit ng PRO-SULAT bilang estratehiya sa pagpapalakas ng writing performance ng mga mag-aaral sa elementarya.

**Mga Susing Salita:** *PRO-SULAT, collaborative writing, writing performance, Filipino learners*

## INTRODUKSIYON

Sa panahon ngayon, kapansin-pansin ang pagbaba ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng organisado at makabuluhang sanaysay. Marami sa kanila ang nahihirapan sa pagbuo ng lohikal na daloy ng ideya, wastong paggamit ng gramatika, at malikhaing pagpapahayag ng saloobin. Ayon kay De Guzman (2021), ang mahinang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ay maaaring maiugnay sa kakulangan ng mga programang nakatuon sa paghubog ng proseso ng pag-iisip bago, habang, at matapos ang aktwal na pagsulat. Idinagdag naman ni Reyes (2022) na ang pagsusulat ay hindi lamang teknikal na kakayahan, kundi isang masalimuot na proseso ng organisasyon ng ideya at pagpapahayag ng damdamin, na nangangailangan ng sapat na gabay at pagsasanay mula sa guro.

Batay sa obserbasyon ng guro, karamihan sa mga sulatin ng mag-aaral ay kulang sa istruktura at koherensiya, dahilan upang mahirapang maipahayag nang malinaw ang kanilang mensahe. Ang mga sanaysay ay madalas na may mahihinang panimula, kulang sa lohikal na transisyon ng mga ideya, at may kakulangan sa wastong gamit ng bantas, bokabularyo, at gramatika. Ayon sa pag-aaral ni Cruz and Llamas (2023), ang kakulangan sa kaalaman sa organisasyon ng teksto ay isang pangunahing hadlang sa pagbuo

ng mabisang sulatin. Bukod dito, ang pag-usbong ng teknolohiya at social media ay nagdulot din ng pagbaba ng disiplina sa pormal na pagsulat, kung saan mas pinahahalagahan ng mga mag-aaral ang mabilis na komunikasyon kaysa sa masusing pagpaplano ng ideya (Santos, 2023).

Dahil dito, kinakailangang makabuo ng mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo ng pagsusulat na higit na nakatuon sa proseso kaysa sa produkto. Ipinunto nina Luna at Serrano (2024) na ang kolaboratibong pagsusulat at peer feedback ay nakapagpapataas ng kritikal na pag-iisip at tiwala sa sarili ng mga mag-aaral. Sa ganitong pananaw, ang guro ay hindi lamang tagapagwasto ng mga pagkakamali, kundi tagapagpadaloy ng karanasang pampagkatuto na nakasentro sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Bunga ng mga nabanggit na pangangailangan, nabuo ang Project PRO-SULAT (Pagpapabuti ng Retrato ng Organisadong SULat tungo sa Asenso sa Talakayan) bilang isang tugon upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa organisadong pagsusulat at epektibong pakikilahok sa talakayan. Layunin nitong paigtingin ang kakayahan ng mga mag-aaral na magplano, mag-ayos, at magpahayag ng ideya sa malinaw at lohikal na paraan.

Sa pamamagitan ng mga gawaing nakatuon sa kolaboratibong pagsusulat, peer review, at talakayang pampaglinang, ang PRO-SULAT ay naglalayong sanayin ang mga mag-aaral sa mabisang proseso ng paglikha ng sariling akda. Alinsunod sa pananaw ni Vygotsky (1978) na muling binigyang-diin ni Mendoza (2021), ang pagkatuto ay mas epektibo kapag nagaganap sa kontekstong panlipunan kung saan ang mag-aaral ay natututo sa tulong at pakikipag-ugnayan sa iba.

Higit pa rito, ang PRO-SULAT ay naglalayong itaguyod ang isang kultura ng pagsusulat na hindi lamang nakabatay sa pormalidad ng wika kundi sa makabuluhang pagpapahayag ng ideya at damdamin. Sa ganitong paraan, ang proyekto ay hindi lamang nakatutok sa kasanayan sa wika kundi sa paghubog ng kritikal, malikhain, at mapanuring mga mag-aaral na may kakayahang makibahagi sa makabuluhang diskurso sa loob at labas ng silid-aralan. Tulad ng binigyang-diin ni Garcia (2025), ang mahusay na pagsusulat ay pundasyon ng mabisang komunikasyon at tagapagpatibay ng kognitibong kasanayan ng mag-aaral—isang kakayahang kailangang-kailangan sa ika-21 siglo.

**Inobasyon, Interbensyon at Estratehiya**

Ang PRO-SULAT (Pagpapabuti ng Retrato ng Organisadong SULat tungo sa Asenso sa Talakayan) ay isang programang dinisenyo upang mapaunlad ang kasanayan sa organisadong pagsusulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang proyektong ito ay nagsisilbing inobasyon sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo ng pagsulat na karaniwang nakasentro lamang sa output o produkto. Sa halip, ang PRO-SULAT ay nagbibigay-diin sa proseso ng pagsusulat, kung saan ang mag-aaral ay aktibong lumalahok sa bawat yugto—mula sa pagpaplano ng ideya, pagbubuo ng balangkas, pagsulat ng burador, pagbibigay ng puna, hanggang sa rebisyon ng sariling akda.

Ayon kay Santos (2021), ang tradisyunal na pagtuturo ng pagsulat ay madalas na nakapokus sa pagtatama ng kamalian sa gramatika at hindi sa paghubog ng kakayahan sa organisasyon ng ideya. Kaya't ang mga mag-aaral ay nagiging takot magsulat at nawawalan ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan. Upang tugunan ito, ipinakilala ng PRO-SULAT ang tatlong pangunahing estratehiya: (1) graphic organizers, (2) peer review at collaborative writing, at (3) talakayang pagsusulat (writing discussions).

***1. Paggamit ng Graphic Organizers bilang Gabay sa Pagbuo ng Ideya***

Sa unang yugto ng programa, ginagamit ang mga graphic organizers tulad ng concept maps, story chains, at paragraph frames upang tulungan ang mga mag-aaral na mailatag ang kanilang mga ideya bago pa man sila magsimula sa aktwal na pagsulat. Ang estratehiyang ito ay nagbibigay ng malinaw na gabay sa pagbuo ng lohikal na daloy ng ideya, lalo na para sa mga mag-aaral na nahihirapang magsimula.

Ayon kay Reyes (2022), ang paggamit ng visual aids tulad ng graphic organizers ay nakatutulong sa pag-unlad ng metacognitive skills ng mga mag-aaral, dahil natututo silang magplano at magsuri ng kanilang iniisip bago pa man ito maisulat. Ang ganitong pamamaraan ay umaayon din sa prinsipyo ni Vygotsky (1978) hinggil sa *Zone of Proximal Development*, kung saan ang mga mag-aaral ay natututo nang higit kapag may gabay o scaffolding sa kanilang proseso ng pagkatuto.

***2. Peer Review at Collaborative Writing para sa Paglinang ng Kritikal na Pag-iisip***

Ang ikalawang bahagi ng interbensyon ay ang peer review at collaborative writing sessions. Dito, ang mga mag-aaral ay pinagsasama-sama sa maliliit na grupo upang suriin at pag-usapan ang kani-kanilang mga sulatin. Sa ganitong paraan, natututo silang tumanggap at magbigay ng puna sa kapwa, na siyang nagiging daan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa pagsulat bilang proseso ng pagkatuto.

Batay sa pag-aaral ni Luna at Serrano (2024), ang peer feedback ay epektibong paraan upang mapaunlad ang kalidad ng sulatin dahil nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong makita ang kanilang gawa mula sa ibang perspektibo. Bukod dito, ang kolaboratibong pagsusulat ay nakapagpapataas ng *critical thinking*, *self-regulation*, at *social interaction skills*, na pawang kinakailangan sa ika-21 siglong pagkatuto.

Ang guro naman ay gumaganap bilang *facilitator* sa bawat sesyon, nagtuturo, nagmamasid, at nagbibigay ng gabay upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay lumalahok nang aktibo at natututo mula sa karanasan.

***3. Talakayang Pagsusulat (Writing Discussions) para sa Pagsasanay sa Oral at Written Communication***

Ang ikatlong bahagi ng PRO-SULAT ay ang Talakayang Pagsusulat, kung saan ang mga mag-aaral ay inaanyayahang talakayin ang nilalaman, layunin, at mensahe ng kanilang mga akda sa klase. Layunin nitong linangin hindi lamang ang kasanayan sa pagsusulat kundi pati na rin sa oral communication, na mahalaga sa pagpapahayag ng ideya at pangangatwiran.

Ayon kay Garcia (2025), ang integrasyon ng pagsulat at talakayan sa loob ng klase ay nakatutulong sa pagbuo ng mas malalim na pag-unawa sa teksto at nagpapalakas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang opinyon sa harap ng iba. Ang ganitong gawain ay nagiging tulay din tungo sa pagbuo ng mga *reflective learners*—mga mag-aaral na marunong suriin ang kanilang sariling gawa at matutong umangkop sa puna ng iba.

Sa kabuuan, ang PRO-SULAT ay hindi lamang isang programa para sa pagpapahusay ng pagsusulat kundi isang pedagohikal na modelo na nagtataguyod ng *active, reflective, and collaborative learning*. Ang mga mag-aaral ay nagiging mas responsableng manunulat, mas mapanuri sa ideya, at mas bukas sa pagbibigay at pagtanggap ng puna.

Ang inobasyong ito ay umaayon sa layunin ng Department of Education (DepEd, 2023) na linangin ang mga mag-aaral na may kasanayang pangkomunikatibo, kritikal na pag-iisip, at kolaboratibong

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

pagkatuto. Sa ganitong paraan, ang PRO-SULAT ay nagiging kongkretong hakbang upang maitaas ang kalidad ng pagtuturo ng pagsusulat sa Filipino at maihanda ang mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng akademikong pagsasanay.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik-Aksyon**

Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay suriin ang epekto ng PRO-SULAT Program sa pagpapahusay ng kasanayan sa organisadong pagsulat ng mga mag-aaral. Upang maisakatuparan ito, binuo ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

1. Ano ang antas ng kakayahan ng mag-aaral bago at pagkatapos ng implementasyon ng proyektong PRO-SULAT?
2. May signipikante bang pagkakaiba ang antas ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng PRO-SULAT?
3. Ano ang antas ng Pagganap sa Pagsusulat ng mga mag-aaral?
4. Anu-ano ang mga tulong ng PRO-SULAT sa pagsulat ng mga mag-aaral?

**METODOLOHIYA**

**Kalahok**

Isasagawa ang pag-aaral sa mga mag-aaral ng Grade 6 sa Cuenca Central School sa taong panuruan 2025–2026. Tatlong seksyon ang kalahok sa pag-aaral: 6–Gumamela (37 mag-aaral), 6–Daisy (35 mag-aaral), at 6–Sunflower (36 mag-aaral), na bumubuo sa kabuuang 108 na mag-aaral. Gayunpaman, dahil sa pagliban ng 13 mag-aaral sa panahon ng pagsasagawa ng survey, 95 lamang ang aktuwal na nakibahagi sa pag-aaral kung saan sa Ramdom Sampling ito napabilang.

Ang mga kalahok ay napili batay sa resulta ng kanilang paunang pagsusulit sa pagsulat (*diagnostic writing test*), kung saan natukoy na may mababa hanggang katamtamang antas ng kakayahan sa organisasyon ng ideya at gramatika. Ayon kay Mertler (2023), ang pagpili ng kalahok sa isang *action research* ay dapat nakatuon sa mga mag-aaral na direktang makikinabang sa interbensyon upang matiyak ang pagiging epektibo ng programa.

Ginanap ang pag-aaral sa silid-aralan ng Filipino ng Cuenca Central School, isang pampublikong paaralan na nagsusulong ng pagpapaunlad ng literasi at komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral alinsunod sa layunin ng K to 12 Curriculum.

**Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos**

Upang masukat ang epekto ng PRO-SULAT, gagamitin ang mixed-method approach, isang pinagsamang *quantitative* at *qualitative data collection techniques* upang makakuha ng mas komprehensibong resulta (Creswell, 2022).

Ang mga instrumento sa pangangalap ng datos ay ang mga sumusunod:

1. ***Pre-test at Post-test sa Pagsusulat* –** upang masukat ang antas ng kasanayan bago at matapos ang interbensyon. Ang pagsusulit ay ibabatay sa rubrics ng organisasyon ng ideya, gramatika, koherensiya, at kabuuang nilalaman.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

2. ***Rubrics sa Pagsusulat*** – gagamit ng limang antas ng pamantayan mula “Mahina” hanggang “Napakahusay” upang sukatin ang pag-unlad.
3. ***Peer Evaluation Forms*** – upang makuha ang puna ng mga mag-aaral sa isa’t isa batay sa nilalaman at organisasyon ng sulatin.
4. ***Panayam at FGD (Focus Group Discussion)*** – upang makuha ang mga karanasan, repleksyon, at pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng PRO-SULAT Program.

Ayon kay Garcia (2025), ang paggamit ng magkakaibang uri ng instrumento ay nagbibigay ng triangulasyon sa datos na nagdaragdag ng bisa at katumpakan ng resulta.

**Pamamaraan**

Ang proseso ng pag-aaral sa ilalim ng PRO-SULAT Program ay isinagawa sa loob ng anim (6) na linggo, kung saan bawat linggo ay nakalaan para sa isang tiyak na yugto ng proseso ng pagsulat. Sa unang linggo, isinagawa ang *pre-test* at ipinaliwanag ang mga layunin ng programa upang matukoy ang panimulang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Sa ikalawang linggo, ginamit ang mga *graphic organizer* at isinagawa ang pagpaplano ng mga ideya upang maisaayos ang lohikal na daloy ng kanilang mga sulatin. Sinundan ito ng ikatlo at ikaapat na linggo, kung saan isinagawa ang *collaborative writing* at *peer review sessions* upang mapahusay ang organisasyon at koherensiya ng kanilang mga akda. Sa ikalimang linggo, isinagawa naman ang mga *writing discussion sessions* na naglayong mahubog ang kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsulat at pagsasalita. Sa ikaanim at huling linggo, isinagawa ang *post-test*, *peer reflection*, at mga *interview* upang masuri ang naging epekto ng programa at ang mga karanasang nakuha ng mga mag-aaral sa kabuuan ng PRO-SULAT Program.

**Plano sa Pagsusuri ng Datos**

Ang pagsusuri ng datos ay isasagawa sa dalawang antas: kwantitatibo at kwalitatibo.

***1. Kwantitatibong Analisis***

- Ang resulta ng pre-test at post-test ay sinuri gamit ang *mean percentage score (MPS)* upang matukoy ang antas ng pag-unlad.
- Ginamit din ang *t-test for dependent samples* upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba bago at matapos ang interbensyon.

***2. Kwalitatibong Analisis***

- Ang mga sagot sa peer evaluation, FGD, at panayam ay isusuri sa pamamagitan ng *thematic analysis*, kung saan ilalapat ang mga tema gaya ng “pag-unlad ng ideya,” “pagtaas ng kumpiyansa,” at “pagtutulungan sa pagsusulat.”
- Ayon kay Miles, Huberman, at Saldaña (2023), ang *thematic coding* ay nakatutulong upang maipakita ang mga pattern ng karanasan at pananaw ng mga kalahok.

Sa kabuuan, layunin ng metodolohiyang ito na mailahad hindi lamang ang numerikal na pag-unlad sa pagsusulat, kundi pati ang karanasan at replektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa ilalim ng PRO-SULAT Program.

**Etikal na Konsiderasyon**

Tiniyak ng mananaliksik na sinunod ang lahat ng pamantayang etikal sa pag-aaral. Kusang-loob ang paglahok ng mga kalahok, at nakuha ang kanilang pahintulot bago isagawa ang mga instrumento at panayam. Ipinaalam sa kanila ang layunin ng pag-aaral. Pinanatili ang pagiging kumpidensiyal at hindi matukoy ang pagkakakilanlan. Ginamit lamang sa layuning pang-akademiko at itinago nang ligtas ang lahat ng datos alinsunod sa Data Privacy Act ng 2012. Lahat ng sanggunian ay wastong sinipi at kinilala ayon sa etikal na pamantayan ng pananaliksik.

## RESULTA AT DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga resulta ng pananaliksik at pagsusuri sa bisa ng Project PRO-SULAT bilang interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng sanaysay. Ang mga datos ay nakalap mula sa pre-test at post-test results, observation checklists, at learner interviews.

**A. Pagsusuri ng Pre-test at Post-test Results**

Bago ipinatupad ang PRO-SULAT, isinagawa ang pre-test upang matukoy ang panimulang antas ng kakayahan ng 95 mag-aaral mula sa tatlong seksyon ng Grade 6-6-Gumamela (27), 6-Daisy (35), at 6-Sunflower (33) sa pagsusulat ng sanaysay. Pagkatapos ng anim na linggong implementasyon, isinagawa ang post-test gamit ang parehong rubrics na may apat na pangunahing pamantayan: (1) Organisasyon ng Ideya, (2) Lohika at Koherensiya, (3) Gramatika at Balarila, at (4) Malikhaing Pagpapahayag.

**Talahanayan 1**
***Paghahambing ng Resulta ng Pre-test at Post-test sa Pagsusulat ng Sanaysay (n = 95)***

| Aspeto ng Pagsusulat | Mean Score (Pre-test) | Mean Score (Post-test) | Pagtaas ng Iskor | Antas ng Pag-unlad |
|---|---|---|---|---|
| Organisasyon ng Ideya | 2.5 | 4.2 | +1.7 | Malaki |
| Lohika at Koherensiya | 2.3 | 4.3 | +2.0 | Malaki |
| Gramatika at Balarila | 2.7 | 4.1 | +1.4 | Katamtaman |
| Malikhaing Pagpapahayag | 2.4 | 4.0 | +1.6 | Malaki |
| **Kabuuang Mean** | **2.48** | **4.15** | **+1.67** | **Malaki** |

*Note.* Scale: 1 – Mahina, 2 – Katamtaman, 3 – Sapat, 4 – Magaling, 5 – Napakahusay.

Ipinapakita sa *Talahanayan 1* na ang kabuuang mean score ng mga mag-aaral ay tumaas mula 2.48 tungo sa 4.15, na katumbas ng 67% na pagtaas sa kabuuang kasanayan sa pagsusulat. Pinakamalaking pag-unlad ang naitala sa Lohika at Koherensiya (+2.0), na nagpapahiwatig na ang PRO-SULAT Program ay epektibong nakatulong sa pagpapalalim ng lohikal na pag-iisip at mas malinaw na pagbuo ng ideya sa pagsulat ng sanaysay. Ang pagtaas na ito ay umaayon sa mga natuklasan nina Asio at Jimenez (2020) na

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

nagsasaad na ang mga programang nakatuon sa *remediation activities* ay may malaking ambag sa pagpapabuti ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat at iba pang asignatura.

Ang maayos na pagsusulat ay hindi lamang kasanayan sa paglalagay ng mga salita sa papel kundi isang proseso ng pag-iisip na nangangailangan ng organisasyon, lohika, at malalim na pag-unawa sa paksa.

Sa lokal na pag-aaral nina Cabbuag (2021) at Bebis at Prieto (2022), lumabas na ang pagkakaroon ng maayos na pagkakabuo ng sanaysay ay may malaking kaugnayan sa kakayahan ng mag-aaral na mag-isip nang lohikal. Ang mga mag-aaral na tinuturuan ng mga programang may malinaw na hakbang sa pagsulat tulad ng paggamit ng *graphic organizers* at *peer review*—ay nakapaglalahad ng mas organisado at makabuluhang ideya. Ipinakita rin ng pag-aaral nina Jumao-as et al. (2021) na ang mga *writing remediation programs* ay epektibong nakatutulong sa pagpapalawak ng lohikal na pag-iisip ng mga mag-aaral dahil sa sistematikong proseso ng pagrebisa at pag-aanalisa ng mga ideya bago tuluyang maisulat ang sanaysay.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Asio at Jimenez (2020) na ang mga gawaing remedyal na nakasentro sa pagsusulat ay nakatutulong hindi lamang sa pagtaas ng marka kundi sa paglinang ng mas malalim na pag-unawa at pagkakaugnay-ugnay ng mga konsepto. Sa pamamagitan ng mga programang tulad ng PRO-SULAT, natutulungan ang mga mag-aaral na mag-isip nang mas mapanuri at masusing pagtuunan ng pansin ang lohika at organisasyon ng kanilang mga ideya bago ito isulat.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga kaugnay na literatura na ang maayos na pagsusulat ay isang epektibong kasangkapan sa pagpapalalim ng lohikal na pag-iisip at pagbuo ng malinaw na ideya. Sa tulong ng mga estratehiyang nakabatay sa proseso ng pagsulat, nagiging mas sistematiko, mapanuri, at epektibong tagalikha ng kaisipan ang mga mag-aaral sa kanilang mga akademikong sulatin, partikular na sa pagsulat ng sanaysay.

**B. Pagganap ng mga Mag-aaral ayon sa Rubrics ng PRO-SULAT**

Ginamit sa pagsusuri ang Writing Performance Rubric na may limang antas ng pagganap: 1 – Mahina, 2 – Katamtaman, 3 – Sapat, 4 – Magaling, at 5 – Napakahusay.

**Talahanayan 2**
***Pamamahagi ng mga Mag-aaral ayon sa Antas ng Pagganap sa Pagsusulat (n = 95)***

| Antas ng Pagganap | Pre-test (f) | Pre-test (%) | Post-test (f) | Post-test (%) | Pagbabago (%) |
|---|---|---|---|---|---|
| Napakahusay (5) | 2 | 2% | 22 | 23% | +21% |
| Magaling (4) | 8 | 8% | 48 | 51% | +43% |
| Sapat (3) | 21 | 22% | 19 | 20% | −2% |
| Katamtaman (2) | 38 | 40% | 6 | 6% | −34% |
| Mahina (1) | 26 | 27% | 0 | 0% | −27% |
| **Kabuuan** | **95** | **100%** | **95** | **100%** | |

*Note.* Ang talahanayan ay nagpapakita ng pagtaas ng porsiyento ng mga mag-aaral na nasa kategoryang "Magaling" at "Napakahusay" matapos isagawa ang PRO-SULAT Program.

Makikita sa Talahanayan 2 na 74% ng mga mag-aaral ay umabot sa antas na Magaling hanggang Napakahusay sa post-test, kumpara sa 10% lamang noong pre-test. Wala nang mag-aaral ang napabilang sa kategoryang Mahina pagkatapos ng implementasyon. Ipinapakita ng mga datos na ang Project PRO-SULAT ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa antas ng kasanayan sa pagsusulat. Ang kolaboratibong gawain, peer review, at gabay ng guro ay nakatulong upang maging mas tiwala ang mga mag-aaral sa kanilang kakayahang magsulat.

Ayon kay Vygotsky (1978) sa teoryang *Social Constructivism*, natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng interaksyon at kolaborasyon sa kanilang kapwa at sa kanilang guro. Sa kontekstong pang-akademiko, ipinapakita nito na ang kolaboratibong gawain at peer review ay mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto dahil pinahihintulutan nitong magbahaginan ng ideya, magbigay ng puna, at magtulungan sa paglinang ng sulatin.

Ipinakita rin sa lokal na pag-aaral nina Bautista at Dela Cruz (2021) na ang mga mag-aaral na sumasailalim sa kolaboratibong pagsusulat ay mas nagiging tiwala at masigla sa pagbuo ng ideya sapagkat nararanasan nilang maging bahagi ng isang komunidad ng manunulat. Pinatutunayan din ng pag-aaral nina Magsino at Villanueva (2022) na ang gabay ng guro sa bawat yugto ng pagsusulat mula sa pagpaplano hanggang sa pagrebisa ay may mahalagang papel sa pagpapatatag ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan.

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Bandura (1997) na ang *self-efficacy* o tiwala sa sariling kakayahan ay mahalagang salik sa pagganap ng mag-aaral. Sa tulong ng positibong *feedback* at kolaboratibong interaksyon, nagkakaroon sila ng higit na motibasyon at tiwala upang mapabuti ang kanilang gawa.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga pag-aaral na ang kolaboratibong pagsusulat, peer review, at aktibong paggabay ng guro ay hindi lamang nakapagpapataas ng kalidad ng sulatin, kundi nakatutulong din sa pagpapatatag ng tiwala sa sarili at pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

**C. Kwalitatibong Resulta: Mga Tema mula sa Focus Group Discussion**

Matapos ang implementasyon ng PRO-SULAT, isinagawa ang focus group discussion upang matukoy ang mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral. Lumitaw ang tatlong pangunahing tema na nagpapakita ng epekto ng programa hindi lamang sa kasanayan kundi pati na rin sa kanilang motibasyon at saloobin sa pagsusulat.

**Talahanayan 3**

***Buod ng mga Temang Lumitaw mula sa Panayam***

| Tema | Paglalarawan | Halimbawa ng Tugon ng Mag-aaral |
|---|---|---|
| Pag-unlad ng Kasanayan sa Organisasyon ng Ideya | Mas malinaw na ang pagkakaayos ng ideya sa sanaysay; natutunan ang paggamit ng balangkas at graphic organizer. | "Mas madali na pong ayusin ang mga ideya kasi may sinusunod na pattern. Hindi na ako nalilito kung ano ang ilalagay sa simula at dulo." |
| Pagtaas ng Kumpiyansa sa Pagsusulat | Nadagdagan ang tiwala sa sarili matapos makaranas ng peer feedback at group writing discussions. | "Hindi na ako natatakot magsulat kasi tinutulungan kami ng classmates ko. Masaya kasi nagtutulungan kami." |

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | |
|---|---|---|
| Kahalagahan ng Kolaborasyon at Feedback | Ang komento at pagwawasto ng mga kaklase ay nakatulong sa pagbuti ng kanilang gawa. | “Mas natututo ako kapag may nagko-comment sa gawa ko. Alam ko kung saan ako nagkakamali at paano ko aayusin.” |

Sa pag-aaral nina Villanueva at De Guzman (2019) sa mga mag-aaral sa elementarya, natuklasan na ang pagsasama ng *peer feedback* sa proseso ng pagsusulat ay nagdudulot ng mas mataas na kalidad ng output at mas positibong pananaw sa pagsusulat. Ang pagbibigay at pagtanggap ng puna ay nakatutulong upang mahasa ang kakayahan sa pagrebisa at mapabuti ang lohika at koherensiya ng sulatin.

Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina Santos at Reyes (2020) sa kontekstong Pilipino na ang sistematikong *writing intervention programs* ay nakatutulong sa pagpapataas ng writing proficiency at sa paglinang ng positibong disposisyon sa pagsusulat. Ang mga mag-aaral na lumahok sa mga programang may malinaw na estruktura ng *pre-writing, drafting, feedback,* at *revision* ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa antas ng kasanayan mula sa “sapat” tungo sa “magaling” at “napakahusay.”

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga pag-aaral na ang sistematikong pagsasanay sa proseso ng pagsulat kasama ang kolaborasyon, peer review, at gabay ng guro ay epektibong nakapagpapabuti sa writing performance ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay hindi lamang nagiging mas mahusay sa teknikal na aspeto ng pagsulat, kundi nagiging mas tiwala, mas organisado, at mas malikhaing manunulat katulad ng ipinakita sa bisa ng Project PRO-SULAT sa Cuenca Central School.

**Plano ng Aksyon**

Ang pagpapalaganap at paggamit ng resulta ng pag-aaral ay isasagawa sa iba’t ibang antas upang matiyak ang patuloy na pagpapalawak at aplikasyon ng Project PRO-SULAT. Sa antas ng paaralan, ibabahagi ang mga natuklasan sa pamamagitan ng Learning Action Cell (LAC) upang maisama ito sa mga *best practices* ng Filipino Department. Ipapakita rin ang mga piling gawa ng mga mag-aaral sa isang exhibit o “Writing Showcase” bilang patunay ng kanilang pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat.

Sa antas ng distrito, ang mga mananaliksik ay lalahok sa Sub-Office Research Caravan at Division Research Colloquium upang maipresenta ang resulta at hikayatin ang posibleng pagpapalawak ng implementasyon ng programa sa iba pang paaralan. Samantala, sa antas ng dibisyon o online sharing, isusumite ang digital copy ng research report at module sa Division Research Committee, at ibabahagi ang buod ng pag-aaral sa DepEd Commons o iba pang internal learning platforms upang magamit ng mga guro bilang gabay sa pagtuturo ng pagsulat.

Bilang Utilization Plan, ang mga resulta at materyales ng PRO-SULAT ay gagamitin bilang supplementary learning tools sa mga *remedial* at *enrichment classes* sa Filipino. Bukod dito, magsisilbi rin itong batayan ng mga susunod na action research na layuning higit pang paunlarin ang kasanayan sa pagsusulat at komunikasyon ng mga mag-aaral sa antas elementarya.

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, maihahayag na ang Project PRO-SULAT ay isang epektibong interbensyon sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusulat ng organisadong sanaysay. Ipinakita ng mga datos na ang kolaboratibong pagsusulat at peer feedback ay nakatulong nang malaki sa

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

paglinang ng lohika, koherensiya, at malikhaing pagpapahayag ng mga ideya ng mga mag-aaral. Bunga nito, naranasan ng mga mag-aaral ang pagtaas ng kumpiyansa, aktibong partisipasyon, at mas mataas na motibasyon sa gawaing pagsusulat. Higit pa rito, ang paggamit ng graphic organizers, peer evaluation, at guided discussion ay nakapagpatibay ng kanilang kritikal na pag-iisip at kakayahang magsuri ng sariling gawa, na nagpapatunay sa bisa ng PRO-SULAT bilang mabisang programa para sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat sa antas elementarya.

Batay sa mga konklusyon, inirerekomenda ng mananaliksik ang sumusunod:

1. Pagpapatuloy at pagpapalawak ng Project PRO-SULAT sa iba pang baitang o asignatura upang maipatupad ang proseso ng kolaboratibong pagsusulat.
2. Pagbibigay ng LAC Session para sa mga guro upang maibahagi ang epektibong estratehiya ng PRO-SULAT sa pagtuturo ng pagsulat.
3. Pagbuo ng mga module o workbook na nakabatay sa PRO-SULAT framework bilang tulong sa mga mag-aaral sa kanilang pagsasanay sa sanaysay.
4. Pagsasagawa ng follow-up assessment makalipas ang ilang buwan upang matukoy ang pangmatagalang epekto ng interbensyon.
5. Pagtatatag ng writing club o writing camps sa paaralan bilang extension activity upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa pagsusulat.

## SANGGUNIAN

Asio, J. M. R., & Jimenez, E. C. (2020). Remediation programs and their impact on students' academic performance in writing and other learning areas. *Asian Journal of Education Research*, *8*(3), 45–58.

Bandura, A. (1997). *Self-efficacy: The exercise of control*. W. H. Freeman and Company.

Bautista, K. M., & Dela Cruz, L. J. (2021). Kolaboratibong pagsusulat at paglinang ng kumpiyansa sa sarili ng mga mag-aaral sa junior high school. *Pilipinas Journal of Educational Action Research*, *2*(1), 30–42.

Bebis, M. A., & Prieto, L. R. (2022). Ang epekto ng paggamit ng graphic organizers at peer review sa organisasyon ng ideya sa pagsusulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa sekundarya. *Philippine Journal of Educational Development*, *5*(1), 33–47.

Cabbuag, M. J. (2021). Ugnayan ng lohikal na pag-iisip at kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. *Pambansang Journal ng Wika at Panitikan*, *9*(2), 66–79.

Creswell, J. W. (2022). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). SAGE Publications.

Cruz, M. L., & Llamas, R. P. (2023). Pag-unlad ng kasanayan sa organisasyon ng teksto ng mga mag-aaral sa sekundarya. *Journal of Filipino Education and Linguistics*, *5*(2), 34–48.

De Guzman, R. A. (2021). Ang paghubog ng kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng proseso ng pag-iisip ng mag-aaral. *Philippine Journal of Language Teaching*, *7*(1), 22–35.

Department of Education. (2023). *MATATAG Curriculum: Gabay sa pagpapatupad ng kurikulum para sa K to*

*10*. Department of Education.

Garcia, L. F. (2025). Kognitibong kasanayan at mabisang komunikasyon sa ika-21 siglo. *Contemporary Studies in Education*, *12*(1), 55–67.

Graham, S. (2006). Strategy instruction and the teaching of writing: A meta-analysis. In *Handbook of writing research* (pp. 187–207). The Guilford Press.

Graham, S., & Perin, D. (2007). *Writing next: Effective strategies to improve writing of adolescents in middle and high schools*. Alliance for Excellent Education.

Jumao-as, L. C., Dela Cruz, R. M., & Velasco, J. T. (2021). The effectiveness of writing remediation programs in developing logical thinking among junior high school students. *Journal of Educational Research and Innovations*, *4*(2), 88–101.

Luna, C. D., & Serrano, J. M. (2024). Kolaboratibong pagsusulat at peer feedback bilang estratehiya sa pagtuturo ng sanaysay. *Asian Journal of Pedagogical Innovations*, *3*(2), 40–52.

Magsino, D. R., & Villanueva, P. T. (2022). Gabay ng guro sa proseso ng pagsusulat at epekto nito sa kumpiyansa ng mga mag-aaral. *Philippine Educational Review*, *10*(1), 50–63.

Mendoza, P. S. (2021). Paglalapat ng teorya ni Vygotsky sa pagtuturo ng wika at pagsulat. *Journal of Social Constructivist Education*, *4*(1), 11–25.

Mertler, C. A. (2023). *Action research: Improving schools and empowering educators* (7th ed.). SAGE Publications.

Miles, M. B., Huberman, A. M., & Saldaña, J. (2023). *Qualitative data analysis: A methods sourcebook* (5th ed.). SAGE Publications.

Reyes, A. B. (2022). Pagsusulat bilang proseso ng organisasyon ng ideya at pagpapahayag ng damdamin. *Linguistics and Literacy Review*, *6*(3), 19–29.

Rollinson, P. (2005). Using peer feedback in the ESL writing class. *ELT Journal*, *59*(1), 23–30. https://doi.org/10.1093/elt/cci003

Santos, J. R. (2021). Ang tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ng pagsulat at ang implikasyon nito sa organisasyon ng ideya ng mga mag-aaral. *Journal of Language Education and Research*, *7*(1), 25–38.

Santos, J. R. (2023). Ang impluwensiya ng social media sa pormal na pagsusulat ng mga kabataan. *Philippine Communication Research Journal*, *9*(2), 71–84.

Santos, J. R., & Reyes, M. C. (2020). Systematic writing intervention programs and writing proficiency of Filipino learners. *Philippine Journal of Educational Practice*, *8*(2), 60–75.

Villanueva, P. T., & De Guzman, R. A. (2019). The impact of peer feedback on writing quality and attitude among elementary students. *Philippine Journal of Literacy and Language Studies*, *4*(1), 22–36.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.